


Impormasyon tungkol sa **Childcare Support Allowance Bilang Tugon sa Pagtaas ng Presyo**

Magbibigay ng 20,000 yen isang beses para sa bawat batang kwalipikado!

■ Panimula

Kung natanggap mo ang gabay na ito, karaniwan **ay hindi mo na kailangang mag-apply.**

Tandaan: Kung sakop ka ng item na “6” sa likod, kailangan mong mag-apply. Gayundin, kung ayaw mong tanggapin ang benepisyo o gusto mong palitan ang account para sa bayad, kailangan mong ipadala ang notification form sa pamamagitan ng koreo o dalhin ito sa Childcare Support Division bago o sa Enero 22, 2026 (Huwebes) .



1. Mga batang kwalipikado sa allowance.

- (1) Mga batang nakakatanggap ng allowance ng bata para sa **Setyembre 2025 (※)**
(※Para sa mga batang ipinanganak ng Setyembre 2025, kakalkulahin ito na Oktubre)
- (2) Mga batang ipinanganak sa pagitan ng **Oktubre 1, 2025 at Marso 31, 2026**

2. Mga makakakuha ng benepisyo

Ang mga batang tumatanggap ng allowance sa itaas (1), o mga magulang sa itaas (2) na magiging beneficiary ng allowance ng bata

3. Halaga ng Tulong

20,000 yen bawat batang kwalipikado (isang beses lamang).

4. Panahon ng Pagbibigay

Ang mga nakatanggap ng abisong ito ay makakatanggap ng kanilang bayad sa Miyerkules, ika-28 ng Enero. Kung hindi makumpirma ang ibinigay na tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa Childcare Support Division na nakalista sa likod ng notice na ito. Tandaan: Ang mga nasa ilalim ng “6” sa likod ng notice na ito ay kinakailangang magsumite sa nakasaad na petsa, para hindi maiba ang panahon ng pagtanggap.

May kasunod sa likod. Siguraduhing tingnan ito!

5. Paraan ng Pagbibigay ng Bayad

(1) Mga Tatanggap ng Child Allowance

Sa pangkalahatan, **ang bayad sa Oktubre ng Taong 2025(Reiwa 7) (※) ay ilalagay sa account ng Child Allowance ng tatanggap, o sa account na inilaan sa pamamagitan ng submission form (deadline ng pagsusumite: dapat matanggap bago o sa Enero 22, Taong 2026(Reiwa 8), Huwebes).**

(※ Para sa mga batang ipinanganak noong Setyembre ng Taong 2025(Reiwa 7), ang bayad ay ilalagay sa account sa oras ng bayad sa Disyembre, o sa mga nag-submit ng pagbabago sa Child Allowance account bago o sa Disyembre 26, Biyernes, ang bayad ay ilalagay sa bagong account.)

(2) Mga Magulang na Nag-apply (mga target na nasa "6")

Ang bayad ay ilalagay sa account na nakasaad sa application form.

Tandaan: Kung ang account ay naisara, binago, o may ibang dahilan kung bakit hindi mailalagay ang bayad, hindi ito maibibigay. Mangyaring makipag-ugnayan sa Childcare Support Division bago matapos ang Marso, Taong 2025(Reiwa) 8.

6. Mga Kailangan Mag-apply

Ang mga sumusunod na tao ay karaniwang kailangan mag-apply. Maaari mong i-download ang application form mula sa website ng lungsod at ipadala sa pamamagitan ng koreo, o mag-apply sa Childcare Support Division.

Para sa mga magulang ng batang ipinanganak mula Oktubre 1, 2025, hanggang Marso 31, 2026, ang pag-apply para sa child allowance ay pagkatapos ng Disyembre 27.

7. Iba pa

■ Kung lumipat ng tirahan

Ang child allowance para sa Setyembre (o para sa mga batang ipinanganak noong Setyembre ng Taong 2025(Reiwa 7), ang amount para sa Oktubre) ay ibabayad mula sa lungsod o munisipalidad (kasama ang mga special wards) kung saan naibigay ang benepisyo, sa account na ibinigay mo sa pag-apply o sa notification form. Kung may mga katanungan, pakikontak lang ang Lungsod ng Toyohashi.

Para sa mga katanungan (Munisipyo ng Lungsod ng Toyohashi)

Toyohashi City Hall

Childcare Support Division (Counter 18, 2nd floor, East Building)

〒440-8501 Lungsod ng Toyohashi, 1 Imahashi-cho

Telepono: 0532-51-3161

(Oras ng pagtanggap: Lunes hanggang Biyernes 8:30am–5:15pm)

Para sa mga katanungan (Bansa)

Agency for Children and Families Call Center

Tel: 0120-252-071

(Mga Oras: Linggo 9:00 AM - 6:00 PM)

< Website ng Toyohashi ↓ >



< Narito ang pagsasalin sa Portuges, Ingles, at Tagalog ↓ >



↑ Mag-ingat sa mga bank transfer scam at pagnanakaw ng personal na impormasyon na may kaugnayan sa "Childcare Support Allowance para sa Mataas na Presyo"

Maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang Lungsod ng Toyohashi sa iyong tahanan o lugar ng trabaho, ngunit **hindi ka kailanman hihilingin na gumamit ng ATM (automated teller machine) o maglipat ng anumang bayarin para sa pagbabayad.** Kung makatanggap ka ng kahina-hinalang tawag, mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa Toyohashi City, sa iyong pinakamalapit na istasyon ng pulis, o sa police consultation hotline (#9110).